proteksyon ng ekonomiya kasama ang pagbaligtad sa mga patakarang “globalisasyon”.

3. Pagtaguyod sa karapatang pantao at katarungan para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao at panunupil ng estado
4. Pagtuloy sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP, at sa pagitan ng GRP at MILF.
5. Pagtataguyod ng pambansang soberanya; halimbawa pagbasura sa Mining Act of 1995 at ang pagbasura sa Visiting Forces Agreement (VFA) at Mutual Logistics and Supply Agreement.(MLSA).

Ang transition council ba ang sagot sa malalim na krisis ng bansa?

Dapat kilalanin na ang mga pundamental na problema ng bansa – imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo — ay malalaking problema,, malalalim ang mga ugat at hindi basta-basta malulutas sa bisa lamang ng isa, dalawa o kahit na makailang pag-aalsang masa tulad ng people power. Kinikilala din natin na dominante pa rin ang bulok na pulitika sa bansa. Malaki ang posibilidad na magiging dominante pa rin ang mga tradisyunal na pulitiko sa transition council at minorya lamang ang mga kinatawan ng progresibong kilusan. Dahil dito, hindi lubos ang mga reporma na maipapatupad ng transition council.

Ang mahalaga ay sa panahon ng pakikibaka at transisyon, makapag-ipon ng ibayong lakas ang kilusan ng mamamayan, maisulong ang ilang kagyat na reporma, at mapaghandaan ang susunod na mga paglaban para maisulong ang tunay na pagbabago.

Hangad natin ang isang bansang tunay na malaya, makatarungan at demokratiko. Sinusulong natin ito ngayon, at hanggang sa mapalitan ang rehimeng Arroyo. Mahaba ang prosesong ito. Sa hinaharap, hangad natin ang isang gobyerno na tunay na maglilingkod sa interes ng mamamayan, di lamang ng iilan.#

BAGONG ALYANSANG MAKABAYAN

Address 4/F, Erythrina Bldg., Matatag cor Maaralin Streets, Bgy. Central, Quezon City, PHILIPPINES • **Telephone** 435-9151 • Telefax 435-6930 • **Email** bayan@myrealbox.com • **Website** www.bayan.ph

PEOPLE POWER AT ANG TRANSITION COUNCIL

★

KAGYAT NA TUGON SA KRISIS NG GOBYERNONG ARROYO

Praymer ng
Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)
Agosto 17, 2005

PAMBUNGAD

Bulok na bulok na ang rehimen ni Gloria Macapagal Arroyo. Walo sa bawat sampung Pilipino ang nagsasabi na dapat nang alisin sa pwesto si Arroyo. Ito na ang naging lohikal na konklusyon matapos mailantad ang malawakang pandaraya sa eleksyon, katiwalian sa gobyerno, maigting na krisis sa ekonomiya at pulitika, pagpapakatuta sa dayuhan at ang tumitinding panunupil sa mamamayan.

Wala nang moral at ligal na batayan para mamuno si Arroyo. Sa lahat ng sulok ng bansa ay umaalingawngaw ang panawagan para sa pagbibitiw o pagpapatalsik kay Gloria. Lumalaki at lumalawak ang mga kilos protesta. Dumarami ang mga personahe at organisasyon ng panggitnang pwersa ang nananawagan ng pagbibitiw ni Arroyo. Nakasampa na rin sa Kongreso ang isang impeachment complaint laban sa kanya.

Ang mga pangyayaring ito ang nagpapakita na suklam na ang mamamayan sa pekeng pangulo na mapanupil at pahirap sa taong bayan.

Panahon ngayon para manindigan ang bawat isa para sa kabutihan ng nakararami. Kailangang kumilos ang mamamayan para patalsikin ang rehimeng Arroyo sa paraang magiging pabor sa nakararaming inaapi at pinagsasamantalahan. Para magawa ito, kailangang magkaisa ang mamamayan kung paano palalayasin si Arroyo sa Malacañang. At mula doon ay ihawan ang landas tungo sa mga makabuluhang reporma para sa mamamayan habang tinatanaw ang mas makabuluhang pagbabago ng buong bulok na sistemang malapyudal at malakolonyal. Magagawa lamang ito kapag tuloy-tuloy na makakapagpalakas ng hanay ang kilusang masa, lumawak ang mga pambansa demokratikong organisasyong masa at ibayong maitaas ang kamulatan at pagkilos ng mamamayan.

Konstitusyunal ba ang transition council?

Katulad ng people power, ang konsepto ng transition council ay di tuwirang nasasaad sa kasalukuyang Konstitusyon. Ito kung gayon ay maituturing na extra-constitutional subalit hindi rin naman masasabing unconstitutional o labag sa konstitusyon. Umaayon pa rin ito sa probisyon ng 1987 Konstitusyon na nagsasabing "sovereignty resides in the people". Tatanganan din nito ang probisyon sa konstitusyon na nagtataguyod sa civilian supremacy sa gobyerno.

Ang gobyernong Aquino noon ay maituturing na extra-constitutional dahil labas ito sa saklaw ng 1973 Constitution ni Marcos. Pero dahil ito ay niluwal ng pakikibaka laban sa diktadura at dahil malinaw ang pandaraya ni Marcos sa snap elections, nagawang umiral ng gobyernong Aquino. Tinanggap ito ng publiko kahit na labas ito sa balangkas ng Konstitusyon ng 1973. Nagkaroon ng Freedom Constitution habang inaatupag ang pagbabalangkas ng 1987 Constitution.

Ano ang magiging tungkulin ng transition council?

1. Isulong ang mga reporma sa ekonomiya at pulitika, kabilang ang electoral reforms.

2. Linisin ang kalat na iniwan ng rehimeng Arroyo, kabilang ang mga kaso ng katiwalian, kronyismo, mga maanomalyang kontrata etc. Punuan ang ilang nabakanteng pwesto sa burukrasya ng rehimeng US-Arroyo.

3. Maghanda para sa malinis, patas at mapagkakatiwalaang halalan na ituturing ng mamamayan na may kredibidilad. Ilunsad ang mga pagbabago sa COMELEC.

4. Isulong ang pambansang pagkakaisa para sa makabayan at demokratikong reporma.

5. Maaaring magpatawag ang transition council ng isang constitutional convention na magbabalangkas ng konstitusyon na magpapasaklaw sa mga karapatan ng mamamayan at magpapalakas sa mga makabayang probisyon

Ano ang mga repormang dapat isulong ng transition council?

Partikular na mga reporma na dapat isulong ay ang:

1. Economic relief mula sa matinding krisis sa ekonomiya, kasama na dito ang debt repudiation at pagrepaso sa mga patakarang pahirap sa bayan tulad ng EVAT.
2. Tunay na reporma sa lupa at makabayang industriyalisasyon,

Isinusulong natin na magkaroon ng kinatawan sa transition council ang mga aping sektor tulad ng manggagawa, magsasaka at maralita. Dapat ding isulong ang representasyon ng mga organisasyong nagdadala ng makabayan at demokratikong plataporma. Sila ang kailangan sa loob ng transition council para maisulong ang mga reporma.

Paano pipiliin ang mga kinatawan ng transition council? Kailan ito bubuuin?

Sa panahong malapit nang mapatalsik si Arroyo, dapat magkaroon ng isang malawak na People's Assembly na ipapatawag ng iba't ibang pwersang pulitikal na anti-Arroyo. Ang People's Assembly ang magbibigay ng mandato para sa itatayong transition council. Ang mga pwersa at personaheng mag-oorganisa ng asembliya ay dapat magbalangkas ng mga alituntunin para sa nominasyon at pagpili ng mga kinatawan ng transition council.

Kailangang tiyakin ang malapad na partisipasyon ng iba't ibang sektor sa People's Assembly. Ang People's Assembly ay dapat ding magtaguyod ng minimum na programa na makabayan at demokratiko na ipapatupad matapos mapatalsik si Arroyo.

Hakbang-hakbang na umuusbong ngayon ang kooperasyon sa pagitan ng iba't ibang pwersang anti-Arroyo. Higit na uunlad ang kooperasyon at unawaan ng mga pwersa at personaheng ito habang sumusulong ang pakikibaka para patalsikin ang rehimeng US-Arroyo..

Maaaring mabuo ang isang pormal na alyansa ng lahat ng grupong anti-Arroyo. Ang alyansang ito ang maaaring magpatawag ang isang People's Assembly na pipili ng mga kinatawan ng transition council.

June 30, 2005
Plaza Miranda, Manila

Hanggang kailan ito iiral? Gaano katagal ang buhay ng transition council?

Sa konspeto ng isang transition council, malinaw na hindi ito isang permanenteng gobyerno. Ito ay isang porma ng pansamantalang pamamahala habang isinusulong ang mga kagyat na reporma at inihahanda ang panibagong eleksyon. Maaaring tumagal ng minimum na anim na buwan hanggang isang taon ang transition council. Kailangan ng isang panahon para ayusin ang burukrasyang babakentehin ni Arroyo. Kailangan ding tiyakin ang repormang elektoral bago mailunsad ang halalan para sa bagong pamunuan.

Kahit maihalal na ang bagong pamunuan ng bansa, maaaring manatili ang People's Assembly at ang transition council bilang ekpsresyon ng nagkakakisang hanay ng mamamayan.

1. ANO ANG IBA'T IBANG PARAAN NG PAGRESOLBA SA KRISIS NG REHIMENG ARROYO?

May iba't ibang pagtingin kung paano haharapin ang krisis ng rehimeng Arroyo. May nagpapanukala na ilimita ang pagpipilian ng mamamayan sa tinatawag na mga konstitusyonal na proseso. Ang problema, nahuhulog ang ganitong pagtingin sa manyobra ng rehimeng US-Arroyo na ikahon ang kilusan sa pagpapatalsik kay Arroyo sa paraang impeachment kung saan lubhang dominado ng mga kakampi ni Arroyo ang Konggreso.

Ang iba naman ay nagsasabi na kailangang maging bukas sa lahat ng options, kabilang na ang sinasabing extra-constitutional option tulad ng People Power kapag hindi na umubrang pagbitiwin si Arroyo o mabigo ang aksyon ng impeachment laban sa kanya.

Sa ating pagsusuri, batay sa karanasan sa pakikibaka sa diktadurang US-Marcos at paglaban sa rehimeng US-Estrada, at batay na rin sa pagmamatigas ng rehimeng US-Arroyo, ang tuwirang pagkilos ng mamamayan para sa demokrasya at pambansang kalayaan ang pinakamapagpasya para lutasin ang krisis.

Truth Commission

Noong nagsimula ang kontrobersya ng "Hello Garci", may mga nagpanukala ng "Truth Commission" bilang paraan para matuklasan ang katotohanan sa pandaraya sa eleksyon. Kamakailan ay naglabas ng pahayag ang Malacañang na nananawagan din ng pagbubuo ng "Truth Commission", alinsunod sa naging mungkahi ng ilang obispo't negosyante. Lubhang malabo ang patutunguhan ng "Truth Commission" ni Arroyo. Paano aasahan ang isang akusado (Arroyo) na imbestigahan ang kanyang sarili? Susunod naman kaya si Arroyo sa magiging rekomendasyon ng naturang "Truth Commission" kapag ito'y taliwas sa gusto niya? Sa katunayan, napag-iwanan na ng mga pangyayari ang panawagan para sa "Truth Commission". Malinaw na hindi ito maaaring maging tugon sa krisis ng rehimeng Arroyo. Umani ito ng batikos ng mga ligal na eksperto bilang labag sa batas at kahit ang mga nagmungkahi ng "Truth Commission" ay hindi na nagpupursige sa pagbubuo nito.

Impeachment

Meron ding iba na nagsasabing idaan na lang sa impeachment ang pagpapaalis kay Arroyo. Ang nakakatawa at kahina-hinala ay

mismong si Arroyo ang nagtataguyod sa impeachment process bilang tanging ligal o konstitusyonal na paraan para mapaalis siya sa pwesto.

Pero ipinakita na ng kasaysayan na hindi madali ang impeachment ng isang pangulo, lalo't nananatiling hawak ni Arroyo ang malaking mayorya sa Kongreso. Bagama't magagawa ng impeachment na ilantad ang mga kaso't krimen ni Arroyo, hindi tayo umaasa at wala tayong ilusyon sa prosesong ito. Sinusuportahan natin ang mga isyung nilalaman ng impeachment complaint habang binabantayan naman ang mga maniobra at panggigipit na ginagawa ng Malacañang. Kabilang sa mga maniobra ang panunuhol at intimidasyon sa mga potensyal na testigo at ang maniobra sa mismong proseso ng deliberasyon at botohan sa impeachment.

Hindi natin ibubuhos ang ating pagsisikap sa impeachment lamang. Mas mahalaga na magpatuloy ang mga pangmasang aksyong protesta sa lansangan, propaganda-edukasyon sa hanay ng masa at panggitnang pwersa at pagpapalawak at konsolidasyon ng mga progresibong organisasyon ng mamamayan.

Gayunpaman, kailangang bantayan ang mga pihit ng sitwasyon kaugnay ng impeachment, lalo na ang mga lantarang maniobra ng mga pro-GMA na malamang ikagalit ng mamamayan at maaaring maging mitsa ng pagaalsa.

Snap Elections

May nagsasabi din na idaan na lang sa isang snap election ang krisis ng gobyerno para malaman kung sino talaga ang sinusuportahan ng tao. Kahalintulad ito ng naging snap election noong bago bumagsak ang diktadurang US-Marcos. Pero paano magkakaroon ng kredibilidad ang snap elections gayong ang mismong magpapatakbo nito, ang COMELEC, ay bahagi sa pandaraya noong 2004 at lubog sa kontrobersya at kabulukan? Isa pa, umaasa ang mga nagpapanukala ng snap election na kusang sasang-ayon si Arroyo sa hakbang na ito.

Charter Change

Nagmungkahi na rin ng CHA CHA o charter change ang rehimen bilang solusyon daw sa krisis sa pulitika. Ito rin ang isinusulong ni dating Pangulong Ramos, Speaker Jose de Venecia at ang buong LAKAS-CMD. Ginagamit nila ang retorika ng "pagpapalit ng sistema" para pagtakpan ang totoong mga ugat ng kasalukuyang krisis at kung sino ang may pangunahing pananagutan. Ano ba talaga ang nasa likuran ng Cha Cha?

Naglalayon ang Cha Cha na pagtakpan ang mga isyu't kasalanang sinisingil kay GMA. Ayon na rin mismo kay Arroyo, kaya nagkakagulo sa pulitika ngayon ay dahil sa sistemang presidensyal. Mas mabuti na raw ang sistemang parliamentaryo kung saan punong ministro na hinalal ng mga mambabatas ang siyang mamumuno sa bansa. Sa ilalim daw kasi ng sistemang parliamentaryo , hindi na magkakaroon ng pangkalahatang eleksyon para sa pangulo dahil ang pinuno ng bansa ay ihahalal na lamang ng mga napiling mga kinatawan sa parliamento. Magiging madali na raw ang paraan ng pagbabago ng gubyerno at hindi na kakailanganin ang people power. Sa kanilang pagtingin ang people power ay lubhang nakakagulo at nakakapagpahina ng buong naghaharing sistema.

bilang pangatlong pinakamataas na opisyal ng bansa), na maghahanda ng eleksyon ng bagong pangulo sa lalong madaling panahon. Sa ilalim ng umiiral na sitwasyon, at dahil na rin sa problema ng lansakang katiwalian sa COMELEC, hindi magiging epektibo ang Drilon transition at snap election. Higit sa lahat, hindi nito mabibigyang kapangyarihan at representasyon ang mga pwersang nagpatalsik kay Arroyo, lalo na ang mga inaapi at pinagsasamantalahang mga uri at sektor sa lipunan.

Bakit kailangang transition council ang pumalit kay Arroyo?

Malala at malalim ang krisis ng bansa. Kailangang magtulong-tulong ang iba't ibang pwersa, grupo at personaheng anti-Arroyo para lutasin ang krisis na ito at magagawa lang ito sa balangkas ng isang transisyon council na sa aktwal ay sumasalamin sa koalisyon ng mga iba't ibang pwersang anti-Arroyo.

Kailangan ding magkaroon ng sapat na bilang ng mga kinatawan ng mamamayan sa gobyernong papalit kay Arroyo. Sa nakaraan ay wala halos sila sa mga gobyernong itinatag matapos ang EDSA 1 at 2. Ang mga kinatawan ng mamamayan mula sa mga progresibong organisasyon, lalo na ng mga batayang sektor ng manggagawa't magsasaka at mga panggitnang pwersa,ang magtataguyod ng mga kagyat at pangmatagalang reporma na pakikinabangan ng mamamayan.

Walang iisang grupo o tao sa kasalukyan ang makapagsasabi na sila/siya ang may kakayanang pumalit kay Arroyo. Walang grupo ang makapagsasabi na kaya nitong mag-isang patalsikin si Arroyo. Ang pagpapaalis kay Arroyo ay mangangailangan ng pagtutulungan ng iba't ibang pwersa at grupo. Kung kaya't ang gobyernong kagyat na papalit kay Arroyo ay mangangailangang kumatawan din sa iba't ibang pwersa't partidong pulitikal na kumilos laban kay Arroyo.

Sino-sino ang bubuo ng transition council?

Ang transition council ay bubuuin ng iba't ibang pwersa na kumilos para patalsikin si Arroyo. Maaaring magkaroon ito ng mga kinatawan mula sa iba't ibang partido/grupo ng ligal na Oposisyon, progresibong kilusang masa, mga negosyante, panggitnang saray ng mga propesyunal, at maging mga retiradong militar na maaaring kumatawan sa mga aktibong militar.

Dapat tiyakin ang representasyon ng mga grupong pinaka-aktibong at epektibong lumalaban kay Arroyo. Dapat ding magkaroon ng tinatawag na proportional representation kung saan ang dami ng kinatawan ay itinatakda ng laki o bilang ng kinakatawan o constituents.

July 25, 2005
SONA Rally

Ano kung gayon ang dapat iluwal ng People Power? Ano ang ipapalit kay Arroyo?

Ang people power ay dapat magluwal ng isang transition council bilang kagyat na kapalit ng rehimeng Arroyo. Ang transition council ay iiral bilang pansamantala o interim na gubyerno. Ito ay magpapatupad ng mga kagyat na reporma habang inihahanda ang paglulunsad ng espesyal na halalan para sa regular na gubyerno, sa isang risonableng panahon. Ito ay bubuuin ng iba't ibang mga pwersang pinakadeterminado at pinakaaktibo sa laban para patalsikin si Arroyo at ng mga kinatawan ng mga sektor at uri batay sa kanilang laki sa lipunang Pilipino.

Ang transition council, kapag may karampatang kinatawan mula sa masang anakpawis at demokratikong kilusan, ay isang makabuluhang hakbang tungo sa lubos na panlipunang pagbabago. Dapat ilinaw lamang na ang transition council ay hindi pa kulminasyon ng pagsisikap natin para isulong ang pambansa demokratikong mithiin ng mamamayang Pilipino. Hindi dapat magbigay ng ilusyon na ito na ang pinal na kasagutan sa lahat ng problema ng bansa, lalo't kung ang bubuuing transition council ay ililimita lamang sa mga kinatawan ng iba't ibang reaksyunaryong partido at grupong pampulitika at wala o iilan ang mga kinatawan ng demokratikong kilusang masa.

3. TRANSITION COUNCIL:
Napapanahong alternatiba sa bulok na rehimeng Arroyo

Bakit hindi si Noli de Castro o Franklin Drilon ang magiging kapalit ni Arroyo? Bakit hindi constitutional succession ang masusunod?

Kaiba sa EDSA 2, bumubukas ang pagkakataon na ang people power ngayon ay hindi kinakailangang magresulta ng constitutional succession kung saan ang bise-presidente ang magiging kapalit ni Arroyo. Hindi katanggap-tanggap si Noli de Castro sa mamamayan at malapad na hanay na anti-Arroyo. Sa panahon ng krisis sa pulitika nananatili siyang tagapagtanggol ni Arroyo. Kung tutuusin ay nakinabang siya sa pandaraya ni Arroyo noong nakaraang halalan. Kahit maluklok siya bilang pangulo kapag biglang nagbitiw si Arroyo, hindi rin niya kakayaning mamuno sa paraang nagtataguyod sa interes ng mamamayan, lalo't siya ay kilalang malapit sa interes ng malaking burges komprador na pamilyang Lopez. Si de Castro ay dapat ding patalsikin kasabay ng pagpapatalsik kay Arroyo.

Maging si Senate President Franklin Drilon ay hindi karapat-dapat paupuin bilang kapalit ni Arroyo. Ito'y kahit pansamantala o interim na pangulo lamang, (batay sa kanyang pusisyon

Baluktot at mapanganib ang ganitong lohika ni GMA. Una ay pinalalabas niya na walang tinutuntungan ang mga panawagan para sa kaniyang pagbibitiw kundi ang pamumulitika lamang ng mga kalaban niyang nais mang-agaw ng kapangyarihan. Ang krisis ng rehimeng Arroyo ay hindi nagmumula sa sistemang presidensyal. Kaya may krisis ay dahil sa mga krimen ni Arroyo tulad ng pandaraya sa eleksyon, pagnanakaw sa kabang bayan at panunupil sa mamamayan.

> Makikita rin na sa tindi na ng inabot ng krisis ng bansa, ang mamamayan ay humahanap ng paraan ng pagpalit ng gubyerno na labas sa reaksyunaryong konstitusyon

Pangalawa, inililihis lamang ni GMA ang pananaw ng madla palayo sa totoong mga isyu. Nais ng rehimen na maipihit ang pambansang talakayan mula sa isyu ng kanyang pagbibitiw tungo sa usapin ng porma ng gobyerno.

Pangatlo, layon ng grupo ni Ramos na bigyan ng "graceful exit" si GMA matapos mabago ang konstitusyon. Ang pakanang ito ang magtitiyak na hindi mananagot si GMA sa kanyang mga kasalanan sa bayan. Ibang usapin pa syempre ang tila pagpalag ni GMA sa panukalang paikliin ang kanyang termino hanggang 2006.

Pang-apat, dapat ding bantayan ang pansariling interes ng grupong Ramos-de Venecia gayundin ang maka-imperyalistang agenda sa likod ng Cha-cha.

Resignation

Ang resignation o pagbibitiw ay isa sa mga paraang nakasaad sa konstitusyon para sa pagpapalit ng pangulo. Maaaring kusang magbitiw ang isang pangulo sa anumang dahilan.

Marami na ang nananawagan ng pagbibitiw ni Arroyo, kabilang ang kilusang masa, mga pulitiko, grupo ng negosyante't propesyunal at mga samahang relihiyoso.

Noong Hulyo 8 ay sunod-sunod na nanawagan ng resignation ang mga dating miyembro ng gabinete ni Arroyo, si dating Pangulong Aquino at ang Makati Business Club. Pero ang panawagan nila ay kaalinsabay ng panawagang ilimita ang pagkilos sa konstitusyonal na pamamaraan lamang at hindi sa pamamagitan ng people power. Napatunayang hindi ito mabisa dahil nanatiling kapit-tuko sa poder si GMA.

Pagkilos ng mamamayan para patalsikin si Arroyo

Magiging mabisa at tumpak lamang ang panawagan sa resignation o pagbibitiw ni Arroyo kung kaakibat o nasa konteksto ito ng pagpapatalsik sa kanya sa pamamagitan ng malawakang kilos-protesta ng mamamayan. Ito ay ekspresyon ng malawak na diskontento at pagtatakwil ng mamamayan sa kasalukuyang rehimen. Matapos na ilang ulit nagpahayag si Arroyo na hindi siya bibitiw sa poder, malinaw na hindi sapat ang simpleng panawagan ng resign para mapaalis si Arroyo. Kailangan ng direktang aksyon ng daan-libong mamamayan para ma-pwersa si Arroyo na lisanin ang palasyo.

2. PAGKILOS NG MAMAMAYAN: Ang nagpapatuloy na tradisyon ng people power

Bakit kailangan itaguyod ang pambansa demokratikong kilusang masa at konsepto ng People Power bilang paraan sa pagresolba ng krisis ng rehimeng Arroyo?

Sa kasalukuyan, ang pag-aalsang popular sa mga syudad at iba pang sentrong urban, sa tradisyon ng people power, ay isang mataas at mabisang ekspresyon ng demokrasya. Ang kapasyahan ng mamamayan ang siyang magtatakda ng pananatili o pagpapalit ng isang goberyno. Ang lakas ng mamamayan ang ating pangunahing sandigan laban sa nabubulok na rehimeng Arroyo.

Ang pagpapatalsik kay Arroyo ay mangangailangan ng kooperasyon at pagkilos ng pinakamalapad na hanay ng mga pwersang anti-Arroyo. Kabilang dito ang progresibong kilusang masa na pangunahing binubuo ng mga api at pinagsasamantalahang uri ng manggagawa, malamanggagawa, magsasaka at peti-burgesyang lunsod. Kabilang din ang mga taong simbahan at samahang relihiyoso, mga samahan ng mga propesyunal, mga makabayang negosyante at mga rank and file na kawani ng gubyerno. Kasama sa malapad na hanay na ito ang ligal na oposisyon, ang masmidya na anti-Arroyo, at maging mga aktibo at retiradong opisyal militar na nanawagan ng pagtanggal sa poder ni Arroyo.

Milyun-milyong mamamayan ang dapat na kumilos para patalsikin sa pwesto ang peke at pahirap na pangulo.

Kailangan higit pang palaparin, palakasin at bigkisin ang malapad na hanay na anti-Arroyo. Lahat ng kabilang dito'y kinakailangang magtulong-tulong sa nagkakaisang layunin na patalsikin si Arroyo.

Labag ba sa Saligang Batas ang People Power?

Isang paraang extra-constitutional ang people power dahil hindi ito tuwirang nasasaad sa Saligang Batas. Gayunpaman, ang people power ay umaayon sa probisyon ng Konstitusyong 1987 na nagsasabing "sovereignty resides in the people." Mamamayan ang mapagpasya. Ito ang isang esensyal na elemento ng demokrasya na pormal na kinikilala ng mga burges na konstitusyon

Ayon naman sa ibang ligal na eksperto, ang people power ay maaaring ituring na extra-constitutional pero hindi unconstitutional. Ibig sabihin, bagamat hindi tuwirang nasasaad sa konstitusyon, hindi rin naman nangangahulugan na labag ito sa konstitusyon.

Ang mga mariing kumokontra ngayon sa people power ay mismong mga burukrata kapitalista at ibang mga reaksyonaryong uri na nakinabang dito noon. Kapag wala sila sa poder ay pabor sila sa people power. Pero oras na sila ay maupo, kagyat nilang tinatawag na labag sa Konstitusyon at iligal ang people power. Ito ang kanilang pinapalaganap na linya upang pigilin ang mamamayan na gamitin muli ang people power upang patalsikin ang isang papet pasistang rehimen. Liban dito, nais ding palabasin ng rehimeng US-Arroyo na ito ang nagtataguyod ng Konstitusyon habang sa katunayan, ito ang unang lumalabag dito tulad ng lansakang pandaraya sa halalan, terorismo ng estado at paglabag sa pambansang soberanya.

Makikita rin na sa tindi na ng inabot ng krisis ng bansa, ang mamamayan ay humahanap ng paraan ng pagpalit ng gubyerno na labas sa reaksyunaryong konstitusyon. Ang pangangailangang kumilos sa paraang extra-constitutional ay nagpapakita na hindi na kayang lutasin ang malubhang krisis ng bansa sa dating mga limitasyon at restriksyon ng umiiral na Saligang Batas.

Pagod na nga ba ang mamamayan sa People Power?

Hindi sa people power nagsasawa ang mamamayan. Sawa na ang tao sa pagtataksil ng di iilang mga lider at mga pulitiko sa mga panawagan at adhikain ng mamamayan matapos ang people power uprising.

Ang umiiral na bulok na sistema ng burukrata kapitalismo; kawalan ng mga makabuluhang reporma sa gubyerno't lipunan, at kawalan ng tinig ng mamamayan sa mga gubyernong itinayo matapos ang people power ang mga bagay na itinatakwil ng mamamayan.

Kung pagbabatayan ang mga protesta ngayon, masasabing buhay na buhay pa rin ang diwa ng people power. Totoong hindi nagsasawang maghangad ng pagbabago ang mamamayan.

Ano ang mga susing aral ng mamamayan mula sa People Power 1 at 2?

Nagbigay ng mga mahahalagang aral ang People Power 1 at 2. Una na dito ang katotohanang hindi sapat na palitan lamang ang pangulo kung nais natin ng mga makabuluhan at mga pundamental na pagbabago sa sistemang pampulitika at panlipunan.

Pangalawa, ang tunay na kapangyarihan ay nasa kamay ng mamamayan. Kailangang palakasin ang kilusan ng mamamayan para maisulong ang tunay na pagbabagong panlipunan. Ang mahalaga ay sa proseso ng bawat people power uprising at matapos ito, higit na natututo ang mamamayan, lumalawak ang kanilang hanay at nababuo at naiipon ang kanilang organisadong lakas.

Military o civilian-military junta ba ang tunguhin ng People Power?

Hindi layunin ng people power ang magluklok ng isang military o civilian-military junta. Ang mga ito'y hindi solusyon sa krisis ng gobyernong Arroyo, lalo't higit hindi rin solusyon sa krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Batay sa ating naging kasaysayan, ang People Power ay nagtataguyod ng civilian supremacy o kapangyarihang sibiliyan na nangingibabaw sa militar. Hindi tayo papayag sa isang civilian-military junta lalo na sa isang military junta o anumang kalagayan na magiging dominante ang militar kaysa sibilyan.